# Kataga ng Buhay

**Mayo 2020**

## "Nalinis na kayo sa pamamagitan ng salitang sinabi ko sa inyo"

**(Jn 15:3).**

Pagkatapos ng Huling Hapunan kasama ang mga apostoles, iniwan ni Hesus ang Silid sa Itaas at tumungo sa Bundok ng Oliva. Kasama Niya ang Labing-isa: si Hudas Iskariote ay umalis na upang ipagkanulo si Hesus.

Banal at makadamdamin ang mga sandaling iyon. Habang naghahapunan, nagbigay si Hesus ng mahabang pamamaalam dahil nais Niyang sabihin sa Kanyang mga pinakamalapit na alagad ang mga bagay na hindi dapat malimutan.

Ang Kanyang mga apostoles ay mga Hudyo kaya't alam nila ang Banal na Kasulatan. Ipinaalala sa kanila ni Hesus ang pangkaraniwang larawan ng puno ng ubas. Sa Banal na Kasulatan, ito ay kumakatawan sa pamayanan ng mga Hudyo na siyang piniling bayan ng Diyos. Sa katunayan, ang Diyos ay isang maingat at mahusay na magsasaka. Si Hesus mismo ngayon ang nagsasabing Siya ang puno ng ubas kung saan dumadaloy ang dugo ng buhay na naghahatid ng pagmamahal ng Ama sa Kanyang mga alagad. Kaya't dapat ituon nila ang sarili na manatiling nakaugnay sa Kanya.

**"Nalinis na kayo sa pamamagitan ng salitang sinabi ko sa inyo."**

Isang paraan upang manatiling nakaugnay kay Hesus ay tanggapin ang Kanyang Salita. Sa pamamagitan nito, pumapasok ang Diyos sa ating puso upang gawin itong "dalisay". Nililinis Niya ang puso natin sa pagiging makasarili upang magbunga ng masagana at magandang bunga.

Mahal tayo ng Ama at higit Siyang nakakaalam kung ano ang makakaginhawa at makakapagpalaya sa atin sa mga walang kabuluhang bagay na ating kinakapitan: mga maling paghuhusga, pagkabalisa sa paghahanap ng mga bagay para sa sariling kapakanan, maling akala sa pagtatabi ng maraming bagay at ilusyon na isailalim sa sariling kapangyarihan ang lahat. Bagama't sa ating puso ay mayroon ding magagandang hangarin at plano ngunit ang mga ito ay maaari ring kunin ang mismong lugar ng Diyos at mawalan tayo ng sigasig na isabuhay ang Ebanghelyo. Kaya't minsan Siya ay namamagitan sa ating buhay sa pamamagitan ng mga pangyayari at masakit na mga karanasan ngunit sa kabila nito ay naroon lagi ang Kanyang tingin ng pagmamahal.

Ang ganap na kaligayahan ang bungang ipinapangako ng Ebanghelyo sa mga taong hinahayaan ang sariling putulin at panibaguhin ng pag-ibig ng Diyos. [i] Ito ay isang natatanging kaligayahan na namumukadkad kahit sa gitna ng mga luha at umaapaw mula sa puso tungo sa kalapit na lupa. Isa itong panimula ng muling pagkabuhay.

**“Nalinis na kayo sa pamamagitan ng salitang sinabi ko sa inyo.”**

Sa pagsasabuhay nitong Kataga, tinutulungan tayo na lampasan ang ating sarili upang makatagpo ang kapwa nang may pagmamahal, mula sa pinakamalapit sa atin: sa ating pamilya, siyudad at sa bawat sulok ng buhay. Tinutulungan tayo nito na bumuo ng kapatiran, bumuo ng samahang may magandang ugnayan upang makamit ang kaganapan ng utos ng pagmamahalan tulad sa isang pamilya.

Sa pagninilay sa katagang ito mula sa Ebanghelyo ni Juan, isinulat ni Chiara Lubich: *“Paano tayo dapat mabuhay upang makamit din natin ang parangal ni Hesus? Maaari nating isabuhay ang bawat Salita ng Diyos, maging pagkain ito sa bawat sandali at gawin ang ating buhay na isang patuloy na pagsasabuhay ng Ebanghelyo. Sa ganitong paraan, makakamit natin ang parehong kaisipan at damdamin ni Hesus; mabubuhay tayong tulad Niya sa mundo at ipapakita ang makalangit na kadalisayan at malinaw na buhay na ibinibigay ng Ebanghelyo sa lipunan na malimit ay nagiging bitag ng kasamaan at kasalanan*.

*Kaya’t sa buwang ito, kung magagawa natin (kasama ng mga taong nakikibahagi sa ating mga layunin), sikapin natin na isabuhay ang Kataga na nagpapahayag ng kautusan ng pagmamahalan. Para kay San Juan Ebanghelista, magkaugnay ang Kataga ni Kristo at ang bagong utos. Ayon sa kanya, sa pagmamahalan, naiisabuhay natin ang Kataga at nagbubunga ng kadalisayan, kabanalan, kawalan ng kasalanan, pagiging mabunga at malapit sa Diyos. Kapag tayo ay nag-iisa, hindi natin kayang lampasan ang mga pang-akit ng mundo. Ngunit sa pagmamahalan, matatagpuan natin ang maayos na kapaligiran na kayang pangalagaan angating tunay na buhay Kristiyano.”.*[ii]

Letizia Magri

Each month the Focolare offers a Scripture passage as a guide and inspiration for daily living.

---

Distributed in Japan by Focolare: www.focolare.org/en • www.focolare.org/japan
e-mail:tokyofocfem@gmail.com • Tokyo:03-3330-5619/03-5370-6424 • Nagasaki: 095-849-3812

[i] Cf. Jn. 15:11
[ii] Chiara Lubich Word of Life, May 1982